
PULANG SILANGAN
REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA SILANGAN GITNANG LUZON
AGOSTO-SETYEMBRE 2022

# LABANAN ANG PAMBUBUSABOS AT PANDARAHAS SA PAMBANSANG MINORYA

**Kilala lamang sila ng mga pulitiko sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon para igiban ng boto. Maliban doon, giya at taga-aliw lamang sila sa mata ng mga turista na dumadayo sa lupang katutubo.** Sila ay mga manggagawang bukid sa mga plantasyon at proyektong NGP na nagkakasya sa kapiranggot na arawang upa sa sarili nilang lupaing ninuno. At sa pinakamasahol, sila ay basura sa tingin ng naghaharing estado — mga Ayta na nagpapalimos sa Luneta, mga batang Badjao na tumatambol sa mga pampasaherong dyip para sa konting awa, mga Lumad na naninirahan kung saan-saan dahil nawalan ng lupa at matitirhan. Sila ang mga pambansang minorya, binubusabos at dinadahas ng naghaharing estado.

Sa pamamagitan ng Indigenous People's Rights Act of 1997 (IPRA) ay inaagawan sila ng lupa. Ikinahon sila sa itinakdang sukat lamang ng lupang ninuno na ipinahintulot ng batas habang ang malawak na kabundukan, kagubatan at lupaing agrikultural ay ibinukas para sa pagkamal ng super tubo ng mga pribadong negosyo. Sa katunayan, siniguro ng reaksyunaryong gubyerno na ang mga titulo sa lupa, kontrata at konsesyon ng mga pribadong negosyo bago 1998 — lokal man o dayuhan ay hindi masasaklaw ng IPRA. Kaya kahit pa may 5.9 milyong ektaryang lupain ang nagawaran na ng Certificate of Ancestral Domain Title (CADT) ng NCIP noong 2021, aabot sa 49 porsyento ng kabuuang dambuhalang pagmimina at 87 porsyento ng malakihang pagtotroso sa bansa ang patuloy na sumasagasa sa teritoryo ng mga pambansang minorya.



Sa Silangan Gitnang Luzon, patung-patong na mga titulo at kleym sa lupa ang kaharap ng mga Dumagat, Agta, Ilongot at Bugkalot sa kanilang paggigiit sa karapatan sa lupa. Nandirito ang Fort Magsaysay, Casecnan Dam, Pantabangan Dam, Angat Dam, malakihang pagtotroso at mga proyektong eko-turismo na sumasaklaw at sumasagasa sa lupang ninuno. Nariyan din ang mga proyekto ng DENR na walang pakundangang tarak lang ng tarak ng pananim para agawin ang kontrol sa lupa sa mga pambansang minorya at mga setlers na naninirahan at naghahanapbuhay sa lugar.

Inagawan na nga ng lupa, wala pang suporta sa kabuhayan na ibinibigay sa pambansang minorya. Sa kalakhan ay nananatiling atrasado

ang kanilang produksyon — maliitan, palipat-lipat, nakaasa sa panahon ang pagtatanim, at sa makakalap na pagkain sa kalikasan. Wala ring serbisyong pangkalusugan sa kanilang pamayanan. Maraming mga bata ang namamatay sa simpleng pagtatae at malnutrisyon. Pahirapan pa bago makakuha ng ayuda. Sadyang pinapanatili ng estado ang mababang antas ng literasiya sa hanay nila. Malalayo ang eskwelahan at kulang na kulang sa guro at matinong pasilidad.



Nakasentro sa mga tribu at pamayanan ng pambansang minorya sa kabundukan ang kampanyang panunupil ng estado. Tinuturing na krimen ang pagtatanggol sa lupang ninuno. Binabansagang "pulahan" at terorista ang mga tumututol sa mga proyektong sumisira sa kalikasan at umaagaw sa kanilang lupain. Pinupwersa silang mag-CAFGU, maggayd sa operasyon. Pamalagian silang biktima ng pagbabanta, panggigipit at paglabag sa karapatang tao.

Tinatakan ng estado ang kanilang kultura at lahi na inperyor, atrasado at mahinang kalidad kumpara sa nakapangingibabaw sa ngayon na kulturang kolonyal, burges at pyudal. Subalit, maliit man sa bilang at malayo man sa mga kabayanan at lungsod ang kanilang tirahan, ang kanilang tradisyon ng rebolusyunaryong paglaban ay pamalagiang banta sa naghaharing estado.

**Nalilipol ng estado ang lahi ng pambansang minorya. Inaagawan ng lupa. Inaalisan ng kabuhayan. Pinapabayaan. Pinapatay. Ang pambubusabos at pandarahas ng estado ang mismong kundisyon kung bakit wasto, makatarungan at kinakailangang magrebolusyon. Tanging sa pamamagitan lamang ng demokratikong rebolusyong bayan maisasakatuparan ng mga pambansang minorya ang kanilang karapatan sa pagpapasya sa sarili.🔥**













# SINO ang tunay na barbaro at asal-hayop?



**Madalas na inilalarawan ang mga katutubong Pilipino bilang mga desibilisado, barbaro at asal-hayop dahil sa kanilang katapangan at pagtangging pumailalim sa superyoridad ng dayong kultura. Madalas silang kinukutya dahil sa kamangmangan at nilalayuan o di kaya'y kinatatakutan.**

Isa lamang ang tribung Ilongot (mula sa salitang *gungot* o gubat) sa mga tribung nakararanas ng diskriminasyon dahil sa kultura nilang pamumugot ng ulo. Lingid sa kaalaman ng karamihan, may malalim na istorikong pinaghuhugutan ang kanilang kultura. Sa mga libro sa paaralan at mga pelikula, pinalalabnaw ang gayong tradisyon. Pinalalabas na ang pamumugot ng ulo ng mga tribu ay simpleng dahil lamang sa paniniwalang ito ay simbolo ng pagkalalake. Hindi maaaring mag-asawa ang isang lalake habang hindi niya pinatutunayan ang kanyang katapangan at kakayahang ipagtanggol ang kanyang pamilya.

Ang buhay at kamatayang pakikibaka sa lupa, sariling pagpapasya at kalayaan ang pinakaubod na dahilan ng pamumugot ng ulo ng tribu. Nang sakupin ng kastila ang Pilipinas, gumamit ito ng "krusada" o krus at espada. Itinatatak ang krus sa noo ng mga katutubong Pilipino na napilitang lumuhod sa dayuhang paghahari. Habang itinatarak naman ang espada sa dibdib ng sinumang mangangahas na lumaban sa mga kastila at ipagtanggol ang kanilang teritoryo.

Ang mga sumalag sa espada ng mga kastila ay walang iba kundi ang magigiting na mga katutubong piniling mamuhay sa sulok ng kagubatan ng simple at malaya sa pang-aalipin at pang-aalipusta ng mga *sinungag* o dayuhan. Ang pagpugot nila sa ulo ng dayong lumalapastangan sa kanilang teritoryo ay nagpapahayag ng matapang na pampulitikang paninindigan.

> “ Gaya ng anumang nilalang sa daigdig, dahas ng mananakop ang nagtulak sa mga sinasakop na maging marahas. Kung paanong gumaganting salakay ang pulutong ng pukyutan at hantik sa tuwing mayroong mambubulabog sa kanilang teritoryo.

Tulad ng Kastila, gumamit din ng dahas at panlilinlang ang mga Amerikano upang pasukin ang kanilang teritoryo at dambungin ang likas na yaman na matagal nang pinangangalagaan ng mga Ilongot. Sa pangunguna ng mga Amerikanong

misyunaryo na sina Grace Bernham at Pastor Del Shaultz ng New Tribe Mission, kinumbinsi silang itakwil ang kanilang "mala-demonyong" tradisyon ng pamumugot ng ulo. Ikinintal sa kanilang isip na masama ang pumatay ayon sa utos ng Diyos. Habang pinalabas na kalooban ng Diyos ang pananakop ng Amerikano. Nang sa gayon, madaling masupil o mapigilan ang paglaban ng tribu at maluwag na makapasok ang mga dayuhang kumpanyang naglalaway sa likas na yaman ng kanilang lupaing ninuno. Ang mga nahikayat ay tinawag na *Bugkalot* o mga Ilongot na Kristyano.

Nang mga sumunod na dekada, sunod-sunod nang pumasok ang mga dayuhang kumpanya ng logging, mining gaya ng Oceanagold sa Kasibu, Nueva Vizcaya at ang kumpanyang CE o California Energy na may kontrol sa Casecnan Dam. Ang mga ito ang sumira sa likas na yamang daang taong ipinagtanggol at pinangalagaan ng tribung Ilongot.

Kung tutuusin, ang mga dayuhang mananakop at mga kasabwat nitong lokal na naghaharing-uri ang tunay na barbaro at masahol pa sa hayop. Subalit, dahil kontrolado nila ang mga makinarya sa propaganda gaya ng radyo, tv, dyaryo, eskwelahan at iba pa, madali nilang nabaligtad ang katotohanan. Pinalabas ng mga Kastila na kung hindi dahil sa kanilang pananakop, hindi matututong manamit at mananatiling nakabahag ang mga katutubong Pilipino. Habang ang mga Amerikano naman ay nag-astang Puting Lahi na binasbasan ng langit upang isalba sa kamangmangan ang mga itim o katutubo.

Ginawa nilang katanggap-tanggap at kabayanihan ang mala-demonyo nilang paglipol sa mga katutubong Pilipino tulad na lamang sa panahon ng digmaang Pilipino-Amerikano na kumitil sa 1.5 milyong Pilipino. Habang binabansagang kontra sa kaunlaran ang mga lumalaban sa makadayuhan at mapangwasak sa kalikasan na mga proyekto ng estado gaya ng dam, *logging concession* at minahan.



Samantala, ang tinatawag nilang mga barbaro ay mga mapagkalinga sa kalikasan, mapagmalasakit sa kapwa, at may mataas na pagpapahalaga sa kasaysayan at tradisyon ng kanilang lahi. Sa katunayan, kahit sa kasalukuyang modernong panahon, nananatili ang kolektibong pangangalap at pagdadamayan o pagbibigayan ng tribung Ilongot. Sama-sama silang nagla-laob o nagha-hanting ng mga hayop sa gubat. Tinitiyak nilang mabahaginan ang lahat ng bahay ng nahuling baboy-ramo o usa kahit ang pamilyang hindi nakasama sa pagha-hanting dahil naging abala sa pagtatanim. Mahigpit din nilang ipinagbabawal ang paninilo dahil hindi nito mapipili ang mahuhuli. Pwede nitong mahuli kahit ang mga nagbubuntis na hayop na maaari pa sanang mapakinabangan sa hinaharap.

Hindi dapat ikahiya ang maringal na tradisyon bagkus dapat wasakin ang isteryotipiko at mga maling pananaw na itinatak ng mga dayuhan sa iba't ibang lahi ng pambansang minorya. Dapat lamang sariwain, dakilain at tularan ang kagitingan ng mga katutubong Pilipino na buong-kapasyahang nagtanggol sa Pilipinas laban sa mga mananakop. **Kung wala ito, wala ring lupaing ninuno.**🔥



# Naluma ang **Martial Law** ni Marcos



"Daig pa namin ang preso. Bawat kilos may naka-bantay, araw-araw 3 beses pinagre-report sa kampo ang buong baryo!" Salaysay ni Apong Dalig, 65 anyos na magsasaka. Dagdag pa niya, "danas ko ang lupit ng Martial Law ni Marcos noon pero naluma ito ng bagsik ni Digong! At gusto pang higitan ni Marcos Jr.!"

Ganito ang kalagayan ng masa sa *coastal barrios* ng Dingalan, San Luis, Maria Aurora at Baler, Aurora kung saan naghahari-harian ang 91st IB.

Kwento pa ni Apong, takot at kagutuman ang dulot ng presensya ng kaaway sa kanilang baryo. Aniya, "Inobliga kaming lumagda sa logbook tuwing kami'y aalis at uuwi sa baryo. Inaalam nila saan kami partikular na pupunta at sila ang nagtatakda ng oras ng aming pag-uwi. Napabayaan na nga namin ang aming mga kaingin dahil swerte nang abutin ng apat na oras magtrabaho kahit pa obligado sanang puspusin ang trabaho sa kaingin. Lahat ng mga gamit namin na dala papuntang bukid, ini-inspeksyon pa."




"Walang pinapalampas ang mga militar at lahat ay nirerekisa. Pati asin na nga lang na panggamit sa pagluluto ng ulam sa kubo ay binubutbot pa nila. Inaalam din kung ilan ang bigas na dala-dala namin. Pag lumampas ng isang salop ang para sa lima katao, papabawasan na nila ito sa amin para raw hindi namin mapakain ang mga NPA!"

Mas magulo ang baryo pag may army. Labas-pasok sila sa mga bahay. Pwersahang pinagka-CAFGU ang kalalakihan. Kahit sino na lang ay pinapa-surender. Nili-letratuhan, binibidyo pa na kunwari ay nagsuko ng armas. Nililigawan ang kababaihan, kahit may asawa na.

"Ibang iba talaga ang NPA sa army," dagdag pa niya.

Matagal nang hindi pa nakakabalik ang mga kasama sa baryo nila Apong Dalig. Sa maikling liham na pinadala ng taumbaryo sa mga kasama, binuod nila ang kanilang pananabik, pagtangkilik at pagmamahal sa NPA at rebolusyonaryong kilusan. "Mga minamahal naming kasama, kayo ang aming guro, doktor at instruktor sa panggagamot, propesor at kaklase sa pagpapaunlad ng pananim at kabuhayan, mga artistang gumaganap sa mga kulturang pagtatanghal na hango sa aming tunay na buhay. Kayo ang aming tagapayo at taga pamagitan sa problema sa lupa. Kayo mga kasama ang tunay naming sundalo, sa inyo namin nadama ang tunay na pagpapahalaga sa aming kapakanan at kaligtasan. NEW PEOPLE'S ARMY! Hanggang sa muling pagkikita, para sa tagumpay at paglaya." 🔥



# Balik-tanaw sa kasaysayan

Noong ideklara ni Ferdinand Marcos Sr. ang Martial Law noong Setyembre 21, 1972, inangkin niya ang absoluto at kataas-taasang awtoridad sa lahat ng aspeto ng gubyerno — ehekutibo, lehislatibo't hudisyal — at hinangad na wasakin ang lahat ng karibal at kritiko sa loob ng sistema, gayundin ang ligal na demokratikong kilusang masa at armadong kilusang rebolusyonaryo. Suportado ito ng gubyernong US, alinsunod sa doktrina ni Nixon na portipikasyon ng Pilipinas dahil sa nalalapit na pagkatalo ng US sa gera sa Vietnam.




**160,000**
mamamayan ang pinatay

**70,000**
ang tinortyur ng mahigit isang buwan. Habang daang libo ang ibinilanggo at dinusta ng minimum na isang araw.

**6 milyong**
mamamayan ang napwersang iwanan ang kanilang mga tahanan at bukirin

**2.5 milyon**
sa kanila ang permanenteng nawalan ng tirahan

## Panahon ni Rodrigo Duterte:



**27,000** ang malupit na pinaslang sa kampanyang kontra-droga ng rehimeng US-Duterte.

**66** na abugado
**28** mayor at vice mayors
**427** tagapagtanggol ng karapatang tao ang pinatay

hindi bababa sa **101** na aktibo at retiradong kasapi ng PKP, BHB, mga konsultant at tauhan ng NDFP at kasama nilang mga sibilyan na nadakip, sugatan o wala sa katayuang lumaban, ang labag sa batas na pinatay ng mga armadong pwersa ng GRP.



# Kwentong Pugay!

## Mga kwento ng kabayanihan ng masa at kasama...





Sinong mag-aakalang senior citizen na pala siya! Malakas pa sa buhatan... huwag lang sa panahong inaatake ng rayuma.

Si **Ka Balong** ay galing sa tribung Alta ng Aurora. Nagtatrabaho siya noon sa logging nang nakilala niya ang mga kasama. Noong araw, ang hindi pa nakadaop sa NPA ay "hindi pa tao" kung sa biruan nila. Kaulayaw nga naman ng mga magkakahoy, ng mga aryador, driver at mga magsasaka sa bundok ang mga kasama. Binubuo ang mga samahan at tinutulungan sila na ilaban ang makatwirang relasyon sa produksyon gaya ng makatarungan at sakto sa panahon na pasahod, at pangangalaga sa watershed. Maraming kabataan ang nahikayat na sumampa, lalo na pag may abusadong maton at mga paniktik ng kaaway na tumitimbuwang.

1991 siya sumampa sa Hukbo, kasagsagan noon ng haluan ng tama at mali sa kondukta ng digmang bayan sa Gitnang Luzon. Di nagtagal ay bumaba din siya at kumilos na lamang bilang aktibista sa baryo. Ginipit siya ng militar at napasurender. Naalala pa niya na pinasumpa siya ng katapatan sa harap ng watawat ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

Palibahasa'y namulat na sa makauring tunggalian, araw-araw na pinakitunguhan ni Ka Balong ang pang-aapi at pagsasamantala ng mga komersyante sa yantok, ng mga kapitalista sa konsesyon ng logging, at ang diskriminasyon sa pambansang minorya. At kahit sumurender na, hindi pa rin siya tinatantanan ng mga militar at ahente sa paniktik. Hindi niya kayang pagtaksilan ang mga kasama at masa kapalit ng pangakong tulong pinansyal at "kapanatagan" ng militar. Hindi niya maatim na magkibit-balikat na lang sa nasasaksihan na pagsasamantala sa uring anakpawis. Kaya noong 2007 ay muli siyang bumalik bilang pulang mandirigma ng BHB.

Sa kanyang pagbabalik sa Hukbo, nagpuna siya sa sarili sa pagsurender. Higit niyang naunawaan ang sirkumstansya at mga naging kalituhan niya noon nang mapag-aralan niya ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Higit niyang napagtanto ang pangangailangan ng mahigpit na pagkakaisa ng Partido, Hukbo at masa upang hindi malihis ng landas ang sinusulong na demokratikong rebolusyong bayan. Pagkaraan ng ilang taon, muling nanumpa si Ka Balong bilang kasapi ng Partido.



Sa loob ng labing limang taon, napanday si Ka Balong bilang mahusay at matapat na Kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas, at magiting na Pulang Kumander ng BHB. Inspirasyon siya ng kanyang mga kababaryo at katribu para patuloy na makibaka at ipagtanggol ang mga napagtagumpayan ng rebolusyunaryong kilusan sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo sa nakalipas na mga taon hanggang sa kasalukuyan.

Marami ng puting buhok ngayon si Ka Balong. Iilan na lang din ang ngipin niyang natitira. Hindi na maikakaila ang kanyang pagkakahusto sa edad. Sabi nga niya, "ang mahalaga ay tumatandang may pinagkakatandaan at sumusulong."

Sa loob ng BHB, may karampatang pagkalinga at pag-alalay sa mga kasamang may edad na, at may pinakikitunguhang medikal at pisikal. Pinaghahandaan at tinitiyak din ng Partido at Hukbo ang paglalagakan sa mga kasamang nagreretiro sa serbisyo. Tinitiyak ang kanilang kaligtasan, kalusugan at ang pananatili ng rebolusyunaryong diwa sa anumang posible at kakayanin pang gawain sa labas ng Hukbo.

"Hanggang kaya pa ng katawan ko ay dito ako," ani Ka Balong. At para naman sa mga kasama, inspirasyon sa araw-araw na kapiling at katuwang sa arawang gawain — pampulitika man, kultural o mga gampaning militar — ang mga kagaya ni Ka Balong na humihina man ang tuhod ay nananatiling matigas ang rebolusyunaryong paninindigan.

**Pagpupugay kay Ka Balong!** 🔥

## ?? Alam mo ba... Buti na lang may NPA




Sa Silangan ng Gitnang Luzon ang mga pambansang minorya at setlers ay pinag-aaway-away ng reaksyunaryong gubyerno? "Kayo dapat ang andyan!" ika ng DENR sa mga setlers. "Kasi may hawak kayong Stewardship Contract." "Lupang ninuno yan, kaya mga katutubo ang dapat may karapatan," sabi naman ng NCIP.

Mga ka-PS kung mananatiling gulo-gulo at di magkakasundo ang mga Dumagat at Igorot sa hangganan ng Aurura at Nueva Ecija, o ang mga Bugkalot, Ilongot at Igorot sa hangganan ng Aurora, Quirino at Nueva Vizcaya, ang mga panginoong maylupa at pribadong negosyo ang tiyak na panalo. Kasi nga naman, mapapadali para sa kanila ang mangamkam ng lupa at mandambong sa likas na yaman ng kabundukang saklaw ng lupang ninuno. Pagkaganon, anumang lahi ng pambansang minorya, mga setler at magsasaka ang tiyak na talo.

Buti na lang may New People's Army. Pinagkakaisa ang lahat ng lahi, setler man o tubo sa lugar. Lahat ng uring magsasaka binibigkis sa bandila ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM). Ang mga usapin sa lupa kaugnay sa hangganan, pagtatrabaho at pakinabang sa rekurso ng lupain ay maayos na napag-uusapan na may pagsasaalang-alang sa kasaysayan ng lupa, tradisyon at sa aktwal na nagbubungkal. Ay, buti na lang may NPA!🔥

# 2 sundalo patay sa enkawnter sa NPA-Nueva Ecija

**Dalawang sundalo ng 84th IB ang patay at marami ang sugatan sa enkawnter sa pagitan ng New People's Army at magkasanib na pwersa ng 91st IB (Sinagtala), 84th IB (Victorious), 2nd Special Action Battalion, at Special Action Force noong Setyembre Uno, 9:30 ng umaga sa hangganan ng Gabaldon at Gen. Tinio Nueva Ecija. Walang kaswalti sa panig ng NPA.**



Halos diretsong tatlong buwan nang nagririgodon ang nasabing tropa ng militar at Special Forces sa kabundukan ng Gabaldon, Gen Tinio at Dingalan. Sa kanilang desperasyon na may maipagmayabang na tagumpay sa bagong upo na berdugong rehimeng US-Marcos II, nagpahayag sa social media ang 703rd Task Force Agila na diumano ay may natagpuan silang mga pwesto ng NPA noong ika-18 at ika-19 ng Agosto. Ultimo mga basyong plastik na bote ng mantika, suka at toyo ay ginawang katibayan ng 91st IB. Pati pinaglulutuan ng mga masang hunter sa bundok ay niletratuhan at ineksibit nila na kalan diumano ng NPA.

Samantalang paulit-ulit na sinasabi ng 7th Infantry Division na nadurog na nila ang NPA sa Silangan-Gitnang Luzon, walang tigil naman ang panghahalihaw nila sa kabundukan. Saanman, at sinuman ang madatnan o mabalitaan nilang nagtitipon-tipon na nagtatrabaho sa kabundukan ay kanilang sinisita, iniimbestigahan at sinisindak. Binulabog nila ang mga grupo ng Dumagat at magsasaka na nakikipag-upahan sa patanim ng DENR sa Gabaldon. Nirerekisa ang baon na suplay ng mga grupo ng nagyayantok. Sinisindak at binabantaan ang mga magkakahoy na paparusahan nila pag nalaman nilang sumusuporta sa NPA. Lahat halos ng masa na may kaingin sa bundok ay suspek nilang nakikipag-ugnayan sa NPA. At sa dulo, paulit-ulit din nilang sinasabi sa masa na military reservation at pag-aari ng Fort Magsaysay ang kabundukan ng Gabaldon, Dingalan at Gen Tinio, na may pagdidiin sa otoridad ng militar na malayang gambalain ang katahimikan ng masa at perwisyuhin ang kanilang hanapbuhay.

## Isang tagumpay sa Bagong Hukbong Bayan!

## Isang tagumpay sa masang lumalaban! 🔥

> **“Paulit-ulit man maglabas ng mga pekeng balita at pahayag ang AFP kaugnay sa diumano'y pagkawasak ng mga larangang gerilya sa Silangan Gitnang Luzon, ang masang anakpawis ang higit na nakakaalam. Kung paanong matagumpay na nabigwasan ng NPA ang mga berdugong militar, gaya ng diklap ng apoy sa kaparangan ang paglagablab ng magandang balita.”**

**— Jose Agtalon**
**Tagapagsalita, NPA-GL**

# Fake news para maghasik ng terror!




**Itong 84th IB ay hindi lang masipag manghalihaw sa bundok, kundi pati sa paggawa ng fake news!**

Sa engkwentrong naganap sa pagitan ng militar at NPA noong Setyembre Uno sa General Tinio, may naiwang bakpak diumano ang mga pulang mandirigma na naglalaman ng cellphone at listahan ng mga taong nakakaugnayan at sumusuporta sa NPA sa lugar. Isa itong malaking kasinungalingan.

Ginamit nila ang maling impormasyon na ito upang gipitin ang masa sa erya. Hindi na kailangan pa ng AFP ang pak ng NPA para tukuyin ang mga naninirahan at naghahanapbuhay sa bundok at kanugnog na komunidad sa pinaglabanan. Matagal na silang may hawak na Census, listahan ng botante at record ng National ID.

Serye ng maramihang boluntaryong pagsurender sa baryo ng Camarin at Rio Chico sa Gen.Tinio; sa Brgy. Ligaya, Bantog, Bugnan sa Gabaldon, Siclong sa Laur ang pinost ng 84th IB sa social media. Ito ay isang kabulaanan! Ang mga binidyo at kanilang nilitratuhan ay mga sibilyan na inanyayahan ng DSWD at ng NCIP para sa relip.

Nanawagan ang Pulang Silangan sa lahat ng mamamayan, mamamahayag at sa lahat ng tagapagtaguyod ng katotohanan na sumangguni sa mga pahayag at mga paglilinaw ng mga yunit ng Partido at BHB saan mang panig ng Pilipinas para sa makatotohanang pagbabalita.🔥

# IPRA, 25 taong panloloko sa pambansang minorya




*Pinagtibay ng rehimeng US-Ramos ang IPRA o Indigenous Peoples Rights Act (RA 8371) noong Oktubre 29, 1997. Kaugnay nito ay tinayo ang National Commission for Indigenous People o NCIP para ipatupad ang naturang batas.*

**Ano na ang nangyari pagkalipas ng 25 taon?** Sa pangakong "titulo para sa lupang katutubo" ay napasok ng NCIP at iba pang ahensya ng gubyerno ang kasuluk-sulokan ng lupaing ninuno na tahanan, kabuhayan, at sentro ng tradisyon ng iba't ibang lahi ng katutubong Pilipino. Sinurbey, sinukat at kinategorya ang gamit at kabuluhan ng lupa, hindi para sa kapakinabangan ng masang katutubo kundi para sa mga proyektong makadayuhan at pribadong akumulasyon ng kita.

Sa Gitnang Luzon, lima lamang sa 53 kinilalang ansestral domeyn ng NCIP ang rehistrado. Ang iba ay biniberipika pa, o sa madaling sabi ay hindi pa sapat ang katibayan para kilalanin ng estado na lupang ninuno. Sa katunayan, pinabilis ng IPRA ang deklarasyon kung saan-saan ang hindi saklaw ng teritoryo ng mga pambansang minorya, kaysa ideklara ang saklaw ng mga lupaing ninuno.

Sa nakalipas na 25 taon, hanggang sa kasalukuyan ay walang tunay na reporma sa lupa para sa pambansang minorya. Ang karapatan nila sa lupa ay nakasalig sa tuwiran nilang paggigiit sa pamamagitan ng organisadong pagkilos para sa paninirahan at kabuhayan. Ang salalayan ng pananatili ng katutubong kultura at tradisyon ay mahigpit na nakaugnay sa pananatili at paglilinang nila sa tinubuang lupa. Sa ganon para maipagtanggol amg lupang ninuno, kailangang tuloy-tuloy na pagyabungin ng pambansang minorya ang kanilang rebolusyunaryong tradisyon ng paglaban sa mangangamkam ng lupa at mga mandarambong sa likas na yaman nito.🔥

## DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN (DRB)

ang tanging solusyon sa problema sa lupa ng pambansang minorya sa Pilipinas!

Programa para sa Pambansang Minorya ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan:

### #9. Igalang ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng Bangsamoro at iba pang mga pambansang minorya.

**Lahat ng pambansang minorya sa Pilipinas ay may karapatan sa pagpagpapasya-sa-sarili, kabilang ang panrehiyong awtonomya at karapatang humiwalay.**

May karapatan silang pagpasyahan ang sarili nilang kapalaran; palayain ang sarili mula sa pambansang pang-aapi, pagsasamantala, sobinismo, rasismo at diskriminasyon; kamtin ang demokrasya; at pagsikapang makamit ang progresong panlipunan sa lahatang-panig na paraan. Maaaring igiit at matamasa ang mga karapatang ito laban sa estadong mapang-api o nagiging mapang-api.

Laging itataguyod ng Partido at demokratikong gubyernong bayan ang pambansa at mga demokratikong karapatan ng pambansang minorya na bumubuo sa 15 porsyento ng populasyon ng Pilipinas. Hihikayatin ang mga pambansang minorya na akuin ang kanilang karampatang papel at pwesto sa demokratikong estado ng bayan at tatanggap sila ng espesyal na konsiderasyon dahil sa sukdulang pang-aapi at pagsasamantala na dinanas nila sa napakahabang panahon sa mga kamay ng kolonyalismong Espanyol, imperyalismong US at lokal na mga reaksyunaryong uri.

Matagal nang pinauunlad ng mamamayang Bangsamoro, ang pinakamalaking pambansang minorya sa Pilipinas, ang kanilang pambansang identidad at pinagpupunyagian ang kanilang pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili.

Pinamumunuan ng Partido ang pakikibaka laban sa pambansang pang-aapi. Dapat lumakas ang mga rebolusyonaryong pwersa sa hanay ng pambansang minorya at paunlarin ang pagkakaisa, kooperasyon at koordinasyon sa pagitan nila at lahat ng iba pang mamamayan sa paglaban sa malulupit na kampanya ng armadong pang-aapi, pangangamkam ng lupa, pandarambong ng likas-yaman sa kanilang mga erya, pagpapataw ng napakababang sahod sa mga plantasyon at minahan at sa kasalatan o kakulangan ng makatarungang parte sa panlipunang kayamanan at buwis na napalilitaw mula sa kanilang mga erya, at lahat ng iba pang pangyayari ng pang-aabuso, sobinismo at diskriminasyon.

Dapat hikayating mapalitaw ang isang bagong tipo ng rebolusyonaryong pamumuno mula sa mga pambansang minorya nang sa gayo'y matransporma ang tradisyunal na pamumuno at mapalitan yaong mga hindi lamang bigong ipaglaban ang kanilang mga karapatan kundi lumahok pa sa pagsasamantala sa kanila. Dapat magpaunlad ng mga kadre ng Partido at ng rebolusyon mula sa hanay ng mga pambansang minorya.

## ALINSUNOD SA CASER (Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms):





**K. Pagkilala sa lupang ninuno at teritoryo ng mga katutubo at pambansang minorya**

Sa panukalang CASER ng NDFP, kinikilala na mula panahon ng mga Kastila hanggang sa kasalukuyan, biktima ang mga katutubong mamamayan (indigenous peoples) at Bangsamoro ng pinakamatinding diskriminasyon, pagsasamantala at pang-aapi. Inagaw at patuloy na inaagaw sa kanila ang kanilang lupang ninuno, winawasak ang kanilang mga komunidad at sinasalaula ang kanilang kultura.

Upang itama ang makasaysayang pagkait sa kanila ng katarungan, gagarantiyahan at bibigyang daan ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasya at kalayaang isulong ang pang-ekonomiya, pampulitika at pang-kulturang pag-unlad batay sa sarili nilang kakayanan at nang walang panlabas na panghihimasok. Kasama rito ang usapin ng teritoryo, pampulitikang awtonomiya, pamamahala ng lupa at mga likas na yaman sa kanilang mga teritoryo at lupang ninuno, paggamit ng sariling wika, kustombre at tradisyon, at kalayaan sa pananampalataya.

Sa partikular, bubuwagin ang National Commission on Indigenous People (NCIP) na hindi kumakatawan sa katutubong ng mamamayan. Ibabasura o aamyendahan ang mga batas, patakaran, proyekto at kasunduan na lumalabag sa karapatan ng katutubong mamamayan at Bangsamoro. Kabilang dito ang Indigenous People's Rights Act (IPRA), mga kaugnay na probisyon sa Konstitusyong 1987, mga makaisang panig na kasunduan kaugnay ng pagmimina, pagtotroso, pagtatayo ng dam, plantasyon at planta ng kuryente, at iba pang tinaguriang "development" projects at mga maanomalyang Certificate of Ancestral Land Titles (CALTs), Certificate of Ancestral Domain Titles (CADTs), at Ancestral Domain Sustainable Development Protection Plan (ADSDPP). Ipapasa ang isang bagong batas na tumitiyak sa kanilang karapatan sa sariling pagpapasya. 🔥



# Aha! Kaya pala!

Alam nyo ba mga ka-PS? Ang mga muhon ng NCIP ay itinatarak hindi lamang para takdaan ng hangganan ang mga lupaing ninuno kundi para pakitirin o paliitin ang sakop nito. Itinataboy nito ang mga katutubo sa kasuluk-sulukan ng gubat habang namumunini sa malalawak na lupain sa kapatagan ang mga panginoong maylupa. At masaklap pa mga ka-PS! Bago kilalanin ng reaksyunaryong gubyerno ang lupaing ninuno, kailangang munang dumaan sa butas ng karayom ang mga katutubo. Batbat ng napakaraming kumplikado at magastos na proseso. Kinakailangan pang magpakita ng maraming katibayan gaya ng libingan ng kanilang ninuno o mga tanim. 🔥

## May mga muhon kahit sa kasuluk-sulukan ng kagubatan...



# Himig ng Himagsikan




## Kaming mga tribu

*Kaming mga tribu, ang tiraha'y gubat*
*Pilipinong ligaw sa ami'y tawag*
*Dumagat man kami sa baybay dagat*
*Kami'y nagtatanim at hindi nangungulimbat*

*Kaming mga tribu ang nagbigay tanda*
*Ng mga hangganan ng ilog at sapa*
*Maging ito mang bundok at lupa*
*Ang kulturang galing kay bathala*

*Ngunit nang dumating itong dayuhan*
*Sila ang nagsira ng kalikasan*
*Kami'y pinaalis sa lupang tinubuan*
*At kanilang inangkin ninunong lupain*

*Kaya't buong tribu tayo ay gumising*
*At ating bawiin ang lupain natin*
*Dugo man ay dumanak at*
*ang buhay ay makitil*
*Mabawi lamang ninunong lupain*

## Sa atin ang lupang ito

**Mula sa BHB Kanluran-GL**

*Dito ang buhay nagsimula*
*Dito hinugot ang ating hininga*
*Kinalinga ng kalikasan*
*Humubog sa 'ting katauhan*
*Walang muhon, walang hangganan*
*Dugo at pawis ang nagbigay ng halaga*

*Dito umusbong lahing nagkakaisa*
*Ito ang tipunan ng ating lakas*
*Sa kabiguan man at tagumpay*
*Sama-sama nating hinaharap*
*Dito yumabong, kultura't tradisyon*
*Pamana ng lahi, pamana ng ninuno*
*Ating tinataglay, sa diwa at sa puso*

*Koro:*
*Sa atin ang lupang ito*
*Nakabaon sa lupa,*
*nakaugat sa kasaysayan*
*ang ating patotoo*
*Isinulat sa dugo,*
*nakamarka sa'ting kalyo*
*ang ating titulo*

*Dito nagsimula ang buhay*
*Dito rin tayo hihimlay*
*Sa atin ang lupang ito*
*Hindi kailanman isusuko*

*Ito ang medalyon ng kagitingan*
*Hindi palulupig kailanman*
*Ito ang pananda ng kasaysayan*
*Ng ating makauring paglaban*
*Natatanging pamana sa 'ting mga apo*
*Tribung malaya may sariling gobyerno*
*Panatang di pagugupo isusulong ang rebolusyon*

*(Ulitin ang koro)*
*Dito nagsimula ang buhay*
*Dito rin tayo hihimlay*
*Sa atin ang lupang ito*
*Hindi kailanman isusuko*